

Lapis at Mikropono: Kasangkapan sa Katotohanan

ni Athena Louise J. Simon

Sa isang sulok ng silid-aralan, may batang tahimik na nakayuko, mahigpit ang hawak sa lapis habang sinusulat ang mga salita sa papel. Paminsan-minsan ay humihinto siya, tila iniisip kung paano mailalahad nang tama ang kanyang mensahe. Sa kabilang bahagi naman ng paaralan, may kabataang nanginginig ang boses habang hawak ang mikropono. Ramdam ang kaba, ngunit pinipili niyang maging matapang upang maipahayag ang kanyang sasabihin. Magkaibang tagpo, magkaibang paraan, ngunit iisa ang layunin: maipahayag ang katotohanan.

Maliit man sa mata ng iba ang lapis, sa kamay ng batang manunulat ito'y nagiging makapangyarihang sandata. Sa bawat titik at salita, nailalahad ang mga kwento ng komunidad, mga balitang kailangang marinig, at damdaming minsan ay mahirap sabihin nang harapan. Ang simpleng pagdiin ng lapis sa papel ay nagiging paraan upang maisulat ang katotohanan—maingat, masinop, at may pananagutan.

Samantala, ang mikropono naman ay nagbibigay-buhay sa boses ng kabataan. Hindi sapat na malakas lang ang tunog; kailangan din ang tapang at paninindigan. Sa bawat pagbigkas ng balita o ulat, kaakibat nito ang responsibilidad. Isang maling impormasyon lang ay maaaring magdulot ng kalituhan. Kaya't bawat salitang binibigkas ay dapat pinag-iisipan, at tanging sa tamang paraan lamang ito dapat ihayag sa marami.

Sa panahon ngayon, kung saan isang pindot lang ay sapat na para kumalat ang impormasyon—totoo man o hindi—mas nagiging mahalaga ang papel ng mga kabataang may lapis at mikropono. Hindi lahat ng nababasa at naririnig ay tama. Kaya't napakahalaga na matutunan ang pagsiyasat, pag-verify, at ang paninindigan sa tama.

Ngunit sa huli, hindi ang lapis o mikropono ang tunay na nagbibigay-lakas sa pagpapahayag ng katotohanan. Ang tunay na lakas ay nasa taong gumagamit nito—sa kanyang integridad, katapatan, at malasakit sa kapwa. Ang katotohanan ay hindi basta nakikita; ito'y hinahanap, inuusisa, at pinangangalagaan.

Para sa batang nangangarap maging mahusay na manunulat at mamahayag, nagsisimula ito sa pagpapahalaga sa katotohanan. Sa bawat titik na maingat na isinusulat at sa bawat salitang malinaw na binibigkas, unti-unting nabubuo ang tinig na may paninindigan.

Sa huli, ang lapis at mikropono ay hindi lang mga kagamitan. Sila ay simbolo ng boses at paninindigan. Kapag ginamit nang may tapang at pananagutan, nagiging ilaw sila sa gitna ng madilim na kaguluhan at maling impormasyon. Sa bawat kwentong isinusulat at balitang ibinabahagi, nabubuhay ang diwa ng katotohanan—hindi perpekto, ngunit tapat; hindi palaging madali, ngunit may paninindigan.